JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

3

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikatlong Markahan – Modyul 7: Wastong Paggamit ng Pang-abay



Mag-aaral: ______________________________

Baitang & Seksyon: ______________________________

Paaralan: ______________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Prince Garei G. Revil

**Editor:** Lindo O. Adasa Jr.

**Tagasuri:** Anelita A. Bulay-og
Julieta H. Tibon
Roderick R. Luna

**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:**
Elaine M. Bantilan
Edgardo P. Jamilar Jr.

**Tagalapat:** Peter Alavanza

**Tagapamahala:** Felix Romy A. Triambulo, CESO V
Oliver B. Talaoc, Ed. D
Ella Grace M. Tagupa, Ed. D
Lindo O. Adasa Jr.
Jephone P. Yorong, Ed. D



# Alamin

⌗ Nagagamit nang wasto ang mga pang-abay na naglalarawan ng kilos o gawi



# Balikan

**Panuto**: Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa kuwaderno.

1. Ang magsasaka ay __________ ng palay.
   A. nagtanim B. magtatanim C.nagtatanim
2. Si Mar at si Ben ay __________ bukas ng umaga sa ilog.
   A. maglalaba B. naglaba C. naglalaba
3. Si Tita Bea ang __________ ng keyk sa darating na kaarawan ko.
   A. gumawa B. ginagaw C. gagawa
4. Kasalukuyang __________ ng sari-saring gulay at prutas si Aling Maria sa palengke.
   A. nagbenta B. nagbebenta C. magbebenta
5. __________ ng mga halaman si Maria kahapon.
   A. magdidilig B. nagdidilig C. magdilig

# Aralin 8 — Wastong Paggamit ng Pang-abay na Naglalarawan ng Kilos o Gawi


## Tuklasin

Tingnan ang bawat larawan.

1. 

2. 

3. 

4. 

5. 

Sagutin.

1. Saan bumibili ang ale?
2. Kailan ka nagbasa ng aklat?
3. Paano nakinig ang lahat sa kanyang pag-awit?
4. Saan naglalakad ang mga bata?
5. Paano sumigaw si tatay?



## Suriin

Isa sa mga bahagi ng pananalita ang pang-abay. Isa rin ito sa mga bahagi ng pananalita na kadalasan ay makikita sa mga pangungusap.

**ANO ANG PANG-ABAY?**

Ang **Pang-abay** o **Adberbyo** ay bahagi ng pananalita kung saan naglalarawan o nagbibigay-turing sa pandiwa, pang-uri o kapwa nito pang-abay. Sa wikang Ingles, tinatawag itong *Adverb*.

Halimbawa:

Pang-abay Pandiwa

1. Mabilis na *tinakbo* ni Juan ang kanilang tahanan dahil nakalimutan niya ang kanyang pitaka. (Pang-abay na naglalarawan ng pandiwa.)

Pang-abay Pang-uri

2. Talagang *napakasipag* ni Maria dahil tinutulungan niya ang kanyang mga magulang sa gawaing pambahay. (Pang-abay na naglalarawan ng pang-uri.)

Pang-abay Pang-abay

3. Sadyang *napakabagal* maglakad ng pagong kaya palagi nalang itong naiiwanan. (Pang-abay na naglalarawan ng kapwa pang-abay.)

Tinatawag din na **pang-abay** ang mga salitang nagpapahayag ng lugar at panahong ginawa ang kilos. Ito ay nagsasabi kung saan ginawa, ginagawa, at gagawin ang kilos sa pangungusap. Ito ay nagsasaad kung kailan naganap, ginaganap o gaganapin ang isang pangyayari o kilos. Ito ay naglalarawan kung paano naganap, nagaganap, o magaganap ang kilos na ipinahahayag ng pandiwa. Samakatuwid, ang pang-abay ay sumasagot sa tanong na Saan, Kailan, at Paano.

Halimbawa:

Pang-abay

4. Nagluluto si nanay sa kusina. (Sumasagot sa tanong na Saan.)

Pang-abay

5. Sasayaw ang mga mag-aaral sa ikatlong baitang bukas. (Sumasagot sa tanong na Kailan.)

Pang-abay

6. Napakasigasig mag-aral ni Pedro. (Sumasagot sa tanong na Paano.)



# Pagyamanin

**Panuto:** Tukuyin kung ang may salungguhit ay Pang-abay o Hindi. Isulat ang **P** kung ito ay Pang-abay, **H** naman kung hindi.

_____1. Kaakit-akit ang pag-iiba-ibang kulay ng kapaligirang dulot ng paglubog ng araw.
_____2. Ipinakikita nila ang magandang halimbawa.
_____3. Pinaniniwalaan ng marami ang kahalagahang pangmedia.
_____4. Maagang gumising ang mag-anak.
_____5. Sila ay nagtutulung-tulong upang mabuhay.



# Gawain

Gawain A

**Panuto:** Salungguhitan ang pang-abay sa bawat pangungusap at isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

1. Kanina isinugod sa ospital ang batang inaapoy ng lagnat.
2. Buong tapang na hinarap ni Jose ang mga pagsubok sa buhay kaya siya ay nagtagumpay.
3. Ngayon aalis si Linda sa kanyang inuupahang bahay.

Gawain B

**Panuto:** Gamitin sa pangungusap ang mga salita na may wastong paggamit ng pang-abay. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

1. sa kanyang kuwaderno 2. mahina 3. nakatayo



# Isaisip

**Panuto:** Punan ng angkop na salita ang patlang para mabuo ang mga pangungusap. Piliin sa kahon ang sagot. Gawin ito sa kuwaderno.

| | | |
|---|---|---|
| pang-abay | pandiwa | pang-uri |
| saan | paano | pananalita |

Ang 1. __________ ay naglalarawan o nagbibigay-turing sa pandiwa, 2. __________ o kapwa nito pang-abay. Ito ay nagsasabi at nagsasaad kung saan ginawa, ginagawa, at gagawin ang kilos sa pangungusap; kung kailan naganap, ginaganap o gaganapin ang isang pangyayari o kilos; kung paano naganap, nagaganap, o magaganap ang kilos na ipinahahayag ng 3. __________. Samakatuwid, ang pang-abay ay sumasagot sa tanong na 4. __________, Kailan, at 5. __________.



# Tayahin

**Panuto:** Basahin nang tahimik. Piliin at isulat ang titik ng iyong sagot sa kuwaderno.

1. Ano ang bahagi ng pananalita na nagbibigay katuringan o naglalarawan sa pang-uri, pandiwa, o maging sa kapwa nito pang-abay?

   A. Pang-uri  B. Pandiwa  C. Panghalip  D. Pang-abay

2. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang nagpapakita ng wastong paggamit ng pang-abay?

   A. Lumuha ang langit sa pagpanaw niya.
   B. Kabuwanan na ang dinadala ng kanyang ina.
   C. Wari'y may hiyas sa dagat ang mga pulo ng Pilipinas.
   D. Masigasig mangalap ng mga isponsor sa mga proyekto ang aming tagapangulo

3. Ang mga sumusunod ay kahulugan ng pang-abay, maliban sa isa __________.

   A. Ito ang salitang naglalarawan sa pangngalan o panghalip.
   B. Ang mga salitang nagpapahayag ng lugar at panahong ginawa ang kilos.
   C. Ito ay nagbibigay-turing sa pandiwa, pang-uri o sa iba pang pang-abay.
   D. Ito ay makikilala dahil kasama ito ng isang pandiwa, pang-uri o isa pang pang-abay na bumubuo ng parirala.

4. Bakit mahalagang matutunan ang tamang paggamit ng pang-abay sa pangungusap?

   A. Dahil ang pang-abay ay isa sa mga bahagi ng pananalita.
   B. Sa paggamit ng pang-abay, makabubuo ng isang pangungusap.
   C. Para malaman kung paano inilalarawan ng pang-abay ang pandiwa, pang-uri o pang-abay sa pangungusap.
   D. Upang lubos na maunawaan ang paglalarawan sa pangngalan, panghalip, pandiwa, pang-uri at pang-abay.

5. Pansinin ang mga salitang nakalimbag nang pahilig sa salawikain na makikita sa kahon na nasa ibaba. Ano ang isinasaad ng mga pang-abay na iyan?

   | |
   |---|
   | Ang nagsasabi *nang tapat*<br>ay nagsasama *nang maluwat*. |

   A. Ito ay nagsasaad ng lugar kung saan naganap ang pangyayari.
   B. Ito ay naglalarawan kung paano naganap, nagaganap, o magaganap ang kilos na ipinahahayag ng pandiwa.
   C. Ito ay nagbabadya ng kawalan ng katiyakan sa pagganap sa kilos ng pandiwa.
   D. Ito ay nagsasaad kung kailan naganap, ginaganap o gaganapin ang isang pangyayari o kilos.



## Karagdagang Gawain

**Panuto:** Sa iyong kuwaderno, magbigay ng limang (5) halimbawa ng pangungusap na may pang-abay.

## *Susi sa Pagwawasto:*

**Balikan**
1. C
2. A
3. C
4. B
5. B

**Tuklasin**
1. sa tindahan
2. kanina, kahapon o iba pang oras
3. tahimik
4. sa tabi ng daan
5. malakas

**Pagyamanin**
1. H
2. H
3. H
4. H
5. H

**Gawain**

**A**
1. kanina
2. buong tapang
3. ngayon

**B**

Maaaring magkaroon ng iba't-ibang sagot na may wastong paggamit ng pang-abay.

**Isaisip**
1. pang-abay
2. pang-uri
3. pandiwa
4. saan
5. paano

**Tayahin**
1. D
2. D
3. A
4. C
5. B

## *Sanggunian:*


### *Books*

- "Pang-abay, adberbyo, adverb". English, Leo James. Tagalog-English Dictionary (Talahulugang Tagalog-Ingles). 1990.
- Landas sa Wika at Pagbasa I, Lydia B. Liwanag, EduResources Publishing, Inc. 2011.
- Gintong Pamana Wika at Panitikan II, Lolita R. Nakpil, Leticia F. Dominguez, SD Publications, Inc. 2000.
- Wika at Panitikan IV, Iluminada C. Balazo, Leticia F. Dominguez, Zenaida S. Badua, JGM & S Corporation. 2000.

### *Websites*

- https://philnews.ph/2019/02/15/uri-ng-pang-abay-9-uri-pang-abay-halimbawa/
- https://tl.wikipedia.org/wiki/Pang-abay

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.